# MGA HAMON AT PAG-ASA SA MGA BATANG MAY AUTISM

*by:*
**Malen A. Manalastas**
*Teacher I, Kataasan Elementary School*

Ang autism spectrum disorder (ASD) ay isang kondisyon na may kinalaman sa pag-unlad ng utak na nakakaapekto sa paraan ng pag-iisip, pakikipagkomunikasyon, at pakikisalamuha ng isang tao. Ang mga batang autism ay may natatanging pangangailangan at kakayahan, at ang kanilang karanasan ay maaaring magkaiba-iba mula sa isa't isa.

Ang mga sintomas nito ay maaaring mag-iba-iba sa bawat bata. Karaniwang nagpapakita ng mga senyales ng autism sa mga bata sa murang edad, karaniwan bago mag-3 taon. Ang ilan sa mga senyales nito ay ang pagkakaroong ng kakulangan sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap, kakulangan sa pakikisalamuha at pagkakaroon ng pabalik-balik na gawain o rutin.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Maraming hamon ang kinakaharap ng mga batang may Autism. Una na rito ay sa larangan ng edukasyon. Karaniwan sa mga batang may autism ay hindi akma ang kanilang edad sa kanilang kakayahan. Karamihan sa kanila ay nahihirapan sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo tulad na lamang sa pag-aaral ng Matematika at pag-intindi sa LiteraturaMahalagang sila ay mapabilang sa espesyal na programa sa edukasyon na makapagbibigay ng kanilang pangangailangan. Ang mga programang ito ay makakatulong upang mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon at sosyal na pakikisalamuha. Ikalawa, pagtanggap at pag-unawa mula sa Komunidad. Sa kabila ng maraming pagpapakalat ng mga impormasyon dito, marami pa rin sa ating komunidad pati na rin mismong kapamilya nila ang hindi lubusang tanggap ang mga batang may ganitong kondisyon. Ang pagkakaroon ng mga sapat na kaalaman at

kamalayan tungkol sa autism ay napakahalaga upang mapabuti ang integrasyon ng mga batang may autism sa lipunan. Ikatlo, paghahanda para sa hinaharap. Ang kondisyon ng mga batang may autism ay panghabang buhay. Hindi ito magagamot ng kahit na anong gamot ngunit sila ay maaaring mapahusay sa iba't ibang larangan. Mahalaga ang pag-alalay at pagsuporta sa kanila habang sila ay bata pa at lalong lalo na ang pagpasok sa kanila sa mga programa o therapy center na tutulong sa paghubog sa pag-unlad ng kanilang sarili.

Kung ang isang bata ay kapansin-pansin na may mga senyales ng pagkakaroon ng autism, dapat dalhin sila sa isang Developmental Pediatrician. Mahalagang malaman kung ano ang lebel ng kanilang kalagayan upang mabigyan sila ng tamang interventions. Ang mga programang early intervention ay magiging kapaki-pakinabang sa mga batang ito na naglalayong mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, motor skills, at pag-iisip. Ang mga therapy tulad ng speech therapy at occupational therapy ay maaaring makatulong upang mapabuti ang kanilang kalagayan. Maliban dito, ang pagkakaroon ng Applied Behavior Analysis (ABA) ay makatutulong rin sa kanila upang matutunan ang mga social skills at pag-uugali na makakatulong sa kanila sa pang-araw-araw na buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang mga batang may autism ay may potensyal na maging matagumpay sa buhay, sa pamamagitan ng tamang suporta na magmumula sa pamilya at komunidad. Ang pagkakaroon ng tamang kaalaman at kamalayan sa mga batang may autism ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas inklusibong pamayanan. Ang mga pamilya, guro, at komunidad ay may malaking papel sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga batang may autism. Sa pamamagitan ng patuloy na edukasyon, kamalayan, at teknolohiya, maraming mga batang may autism ang magkakaroon ng pag-asang makamit ang kanilang mga pangarap at maging matagumpay sa kanilang buhay.

*References:*

American Psychiatric Association. (2013). Diagnostic and statistical manual of mental disorders (5th ed.). Arlington, VA: American Psychiatric Publishing.

National Institute of Mental Health. (2022). Autism Spectrum Disorder. Retrieved from https://www.nimh.nih.gov.

Centers for Disease Control and Prevention. (2021). Data & Statistics on Autism Spectrum Disorder. Retrieved from https://www.cdc.gov.

Lovaas, O. I. (2003). Teaching individuals with developmental delays: Basic intervention techniques. Austin, TX: Pro-Ed.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan